# uSAP-usapan

Richard R. Gappi

## uSAP-usapan

> "Do not forget the poor during the COVID-19 pandemic."
> – Pope Francis, sa kaniyang homily, March 12, 2020

Sanay na kami.
Ang tawaging kilikili ng lungsod
at libag ng lansangang umaalingasaw.
Amoy-kanal?
Sa estero kami nakabahay.

Mga tamad. Hindi nagbabayad ng tax.
Pero unang nakinabang sa SAP.

O e ano?
Hindi natutong mag-ipon?

Nang bumili kami ng 3-in-1, kape't sabon,
nagbayad ng kuryente at ilaw,
wala ba du'ng value-added tax?

'Yung butas na tubo ng tubig, kanino kinukuha ang bayad?
Wala ba kaming surcharge sa bill ng tubig at ilaw?

Nang sumabit kami sa jeep na punuan,
para makahabol nang oras sa construction site,
wala bang excise tax ang langis
na tiningi ng drayber sa Petron o Caltex?

'Yung dalawa kong anak,
bumili ng juice para magkalasa
ang tinapay na baon na kasingtabang ng papel,
wala bang sin tax du'n?

Oo, nagyoyosi ako, umiinom
ng gin panghagod sa maghapong pagod,
wala bang sin tax du'n?

Isuma natin ang sumatotal:
Sa suweldo kong paextra-extra at kontrakwal, may natira ba
Para pang-ipon man lang kung magkasakit mag-iina ko?
Kahit 'wag na ko.

Nang matapos at ilunsad ng palakpakan
ang gusaling nagkaporma sa lakas ko't kamay,
naimbitahan ba man lang kami sa opening?
Nabigyan ba kami ng bonus?
Kung maningil kami, magkano kaya ang lakas-paggawa naming
nawala o hindi binayaran dahil wala sa minimum ang suweldong tinanggap?

Tamad?

Sinong nagtayo ng mga gusaling may sash na
PROJECT OF GOVERNOR, MAYOR, CONGRESSMAN
MULA SA PORK BARREL na ang 20% e pinabank-transfer
ng amo ko sa akin sa account ng mga kagalang-galang nating opisyal,
hindi pa natutuyo ang tinta ng bolpen pagkapirma sa kontrata?

Annual tax?
Sino bang gumawa ng batas na exempted ang suweldong PHP30,000 pababa?
Kung PHP350 daily minimum wage sa CALABARZON,
i-times natin sa 20 araw kung walang no work no pay,
kasalanan bang ang suweldo namin e exempted sa tax?

O e ano kung una at prayoriti kami sa SAP?
Oo, ngayong panahon ng COVID, magkaiba ang tunog at kalam
ng aming sikmura at tiyan na matagal nang pinagkaitan
ng sistemang supertubo habang tinatapunan kami ng mumo.

Nga pala, may nakatabi ako sa payout, de-semento ang bahay
at may sariling lupa. Malapít sa gusi, matibay ang kinakapitan.

Sinong ayaw ang umahon?
Bigyan n'yo kami ng pagkakataon.
Kaming gulugod at muhon,
taga-tindig ng sibilisasyon.
Kahapon. Ngayon.
At sa dako pa roon.

– 8:08 a.m., Sabado, Mayo 9, 2020
Angono 3/7 Poetry Society
Angono, Rizal, Pilipinas

# LIHAM SA ANAK

I.
Tulad nang mag-Yolanda
At ngayong may pandemya;
Moog nati't sandata
Ang Diyos at Siyensya.

– 10:33 a.m., Biyernes, Setyembre 25, 2020
Angono 3/7 Poetry Society
Angono, Rizal, Pilipinas

II.
May bagyo man o dilim
Kahit may COVID-19;
Christmas Tree na maningning
Itayo pa rin natin.

– 6:26 p.m., Biyernes, Setyembre 25, 2020
Angono 3/7 Poetry Society
Angono, Rizal, Pilipinas

III.
Kapag walang ham on sight
O Pamaskong matanggap
P'wede kayang dolomite
Ang ihanda sa hapag?

– 6:57 p.m., Biyernes, Setyembre 25, 2020
Angono 3/7 Poetry Society
Angono, Rizal, Pilipinas

IV.
Ang mga sinasabi
ng Teacher mo sa klase,
tandaan nang mabuti . . .
"Hell . . . Hello . . . PLDT . . .?!"

– 9:35 p.m., Biyernes, Setyembre 25, 2020
Angono 3/7 Poetry Society
Angono, Rizal, Pilipinas

V.
Kapag signal ay palpak,
Si Teacher nababanas;
Iwas sa kulit, anak,
Kapag nasa online class.

– 5:58 p.m., Biyernes, Setyembre 25, 2020
Angono 3/7 Poetry Society
Angono, Rizal, Pilipinas

VI.
"Ginawa ko ang modyul;
Rekwayrd ng supervisor.
Sayang ang iniukol—Ulit daw!—may bagong form!"

– 10:27 p.m., Biyernes, Setyembre 25, 2020
Angono 3/7 Poetry Society
Angono, Rizal, Pilipinas

## ULAN

Mga rehas ng bakal
ang mga patak ng ulan.

Pero kulog ang mga hiyaw na umalpas;
Sinusuntok ng mga kamao ang ulan.

– 9:54 p.m., Sabado, Hulyo 4, 2020
Angono 3/7 Poetry Society
Angono, Rizal, Pilipinas